

Inilunsad ng Orange County ang OC Equity Map para Tugunan ang Hindi Pagkakapantay-pantay at Mga Agwat sa Mapagkukunang Yaman

Tumutulong ang Tool sa Pagmamapa sa County na Makapaglaan ng Mga Mapagkukunang Yaman at Mabawasan ang Mga Agwat sa Mga Komunidad ng OC

Gumagamit ang Orange County ng pamamaraang nakabatay sa datos para tugunan ang hindi pagkakapantay-pantay at mga agwat sa mapagkukunang yaman. Sa Hulyo 14, ilulunsad ng County ang isang bagong tool sa pagmamapa na sinusubaybayan ang mga kakulangan sa kalusugan at lipunan ng Orange County.

“Pinalala ng COVID-19 ang ilang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at lipunan, na hindi handang tugunan ng maraming munisipalidad at lokal na organisasyon sa kasukdulan ng pandemya,” paliwanag ni Supervisor **Andrew Do**, Tagapangulo ng Lupon ng Mga Tagapangasiwa ng Orange County (Orange County Board of Supervisors). “Magbibigay ang aming tool na Mapa ng Pagkakapantay-pantay ng Orange County (OC Equity Map) ng mga maaakasyunang pamantayan para ilaan ang mga mapagkukunang yaman at mabawasan ang mga agwat sa ating mga komunidad.”

Noong Mayo 2020, inatasan ng Ad Hoc na Komite sa Pagsusuri sa COVID-19 (COVID-19 Testing Ad-Hoc Committee), na pinamumunuan nina Chairman Andrew Do at Vice Chairman Doug Chaffee, ang Ahensiya sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Orange County (Orange County Health Care Agency, HCA) para buuin ang tool na OC Equity Map (OCEM). Layunin ng inisyatibang ito na bumuo ng plataporma ng datos na magbibigay ng impormasyon sa mga lider, pampublikong/pribadong entidad, at residente ng Orange County sa mga pinakaapektadong rehiyon tungkol sa tumataas na panganib ng COVID-19.

“Sinusukat ng OC Equity Map ang ating nagawang pag-unlad bilang komunidad na may layuning mapabuti ang kalidad ng buhay para sa bawat residente ng Orange County,” sabi ni Vice Chairman **Doug Chaffee** ng Ikaapat na Distrito. “Pinapasalamat namin ang OC Health Care Agency at Advance OC para sa paglunsad ng OCEM at pagbibigay sa atin ng makapangyarihang tool para maabot ang mga layunin ng paglikha ng mas makatarungan at malusog na lipunan.”

Para tulungan ang HCA na matukoy ang mga pangunahing sanhi ng mga nangyayaring agwat sa Orange County na naging malinaw sa pandemya, inaprubahan ng Board of Supervisors ang isang [kasunduan sa Advance OC](#) noong Hulyo 2020, na inatasan ang non-profit na buuin ang Equity Map ng Social Progress Imperative ng Orange County para makuha ang datos sa katayuan ng populasyon sa tatlong malawak na dimensiyon: Mga Batayang Pangangailangan ng Tao, Mga Pundasyon ng Kabutihan, at Oportunidad.

“Makakatulong ang lalim ng mga datos na makagawa ng daloy ng plano para sa mga pribado at pampublikong pakikipagtulungan para sama-samang matugunan ang mga kumplikadong sitwasyon sa lipunan sa ugat ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at kabutihan. Sinusuportahan din ng plataporma ang misyon ng OC Health Care Agency na makipagtulungan sa komunidad para makapaghatid ng mga pangmatagalan at maaasahang serbisyo na itinataguyod ang kalusugan at pagkakapantay-pantay ng populasyon,” pahayag ng Direktor ng Ahensiya ng HCA na si Clayton Chau, MD, PhD, at Opisyal sa Kalusugan ng County

Sa ilalim ng Yugto I, ginamit ng [Advanced OC](#) ang mga dataset ng Senso ng 2010 para ipakita gamit ang mga larawan ang kasalukuyang kalagayan ng pag-unlad ng lipunan ng Orange County. Magaganap ang isang event sa paglunsad sa Hulyo 14 sa Mile Square Park para sa mga hinalal na opisyal, opisyal ng lungsod, komisyonado, organisasyon sa komunidad, at iba pang stakeholder mula sa publiko. Gagamitin naman sa Yugto II ang mga datos ng Senso ng 2020 at pribadong sektor ang magiging sponsor.

Magbibigay ang County ng access sa plataporma ng OCEM sa publiko nang walang bayad at magbibigay ito ng kakayahan sa mga gagamit na sukatin, subaybayan, at imapa ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa komunidad na tumpak hanggang sa kalagayan ng kapitbahayan, kasama ang pagtukoy ng mga pangunahing sanhi, pag-unawa sa mga salik sa lipunan, at pagbibigay ng impormasyon sa mga estratehiya para isulong ang kalusugan at kabutihan ng mga residente ng Orange County.

“Ikinararangal ng AdvanceOC na makipagtulungan sa County ng Orange at sa HCA sa mahalagang inisyatibang ito. Ipinagmamalaki naming ipakita ang tool na ito sa komunidad para isulong ang mga estratehiyang batay sa datos at nakaukol sa pagkakapantay-pantay na tinutugunan ang mga agwat sa lipunan at kalusugan. Binibigyang-diin ng aming pakikipagtulungan sa HCA kung paano makakatulong ang data science sa mga organisasyon na makagawa ng mas malaking epekto. Umaasa kaming magkaroon ng mas marami pang pagtutulongan sa komunidad at nasasabik kami na maaaring makatulong ang tool na ito para mapadali ang mahahalagang pag-uusap tungkol sa pagkakapantay-pantay,” sabi ni Katie Kalvoda, Presidente at Tagapangulo ng Lupon ng AdvanceOC.

Para suriin at tuklasin ang bagong kakayahang ito sa pagsusuri, ginagamit ng HCA ang plataporma ng OCEM sa mga pagtugon nito sa COVID-19, kabilang ang pagsusuri, paglalaan at pamamahagi ng bakuna, at iba pang estratehiya para mapababa ang panganib. Nagbibigay rin ang plataporma ng daloy ng plano para sa mga pribado at pampublikong pakikipagtulungan para pondohan ang mga inisyatibang gumagamit ng mga pinagtutulungang pamamaraan para tugunan ang mga kumplikadong sitwasyon sa lipunang nasa ugat ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at kabutihan.

###